Pangalan:_______________________________________________________________
Petsa Nang Nagsimula:_______________ Petsa Nang Natapos:____________ Marka:_______

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**
**Mga Programa at Polisiya ng Pamahalaan para Masugpo ang Unemployment**

**PANUTO:** Suriin ang teksto. Makikita ang mahahalagang tala sa employment situation noong Hulyo 2020 mula sa Philippine Statistics Authority. Unawaing mabuti ang teksto at sagutin ang kasunod na mga pamprosesong tanong.

**Sitwasyon ng Employment para sa Buwan ng Hulyo 2020**

Ayon sa Philippine Statistics Authority, tinatayang 10.0% rate ang naitalang unemployment noong Hulyo 2020. Ito ay mas mataas kompara sa naitalang 5.4% ng kaparehong buwan noong nakaraang taon, ngunit ito ay hindi bababa sa 17.7% na naitala noong Abril 2020. Ang mga Pilipinong unemployed na nasa edad 15 pataas ay tinatayang nasa 4.6 milyon noong Hulyo 2020, mas mataas ng 2.1 milyon kompara sa kaparehong buwan noong isang taon ngunit mas mababa ng 2.7 milyon noong nakaraang 3 buwan.

Habang ang karamihan sa mga bahagi ng bansa ay binawasan ang mga paghihigpit sa quarantine, limang rehiyon pa rin ang nag-ulat ng kaparehong porsiyento ng unemployment. Ang pinakamataas na 15.8% rate ay naitala sa National Capital Region (NCR). Ito ay sinundan ng Region IV-A (CALABARZON) na may 12.4%; Region VII (Central Visayas) na may 11.7%; Region I (Ilocos Region) na may 11.1%, at Region III (Central Luzon) na may 10.9%.

Mas mababa ang labor force participation rate sa kababaihan na may 48.5% kompara sa kalalakihan na may 75.3%. Gayunpaman, nakapagtala ng magkaparehong employment rate na 90% ang kababaihan at kalalakihan noong Hulyo 2020 subalit mas maraming kalalakihan ang unemployed (19.0%) kompara sa kababaihan.
Ang sining at libangan ang pinakaapektadong sektor noong Hulyo 2020. Ang employment rate sa larang na ito taon-taon ay nasa 72.9% ngunit bumaba sa 41.4% sa ikalawang bahagi ng 2020. Sumunod ang employment rate sa food services activity na bumaba ng 35.9% rate noong nakaraang taon, ngunit may pagtaas ng 4.7% sa buwan ng Abril 2020.

Napabuti naman ang youth Labor Force Participation Rate (LFPR) sa buwan ng Hulyo 2020. Ito ay pumalo sa 38.9% kompara sa 38.9% sa buwan ng Hulyo 2019 at 32.4% sa buwan ng Abril 2020. May humigit-kumulang 7.8 milyong kabataang Pilipino ang maaaring employed (6.0 milyon) o unemployed (1.7 milyon) sa buwan ng Hulyo 2020. Noong Abril 2020, humigit-kumulang 6.5 milyong kabataan ang napabilang sa lakas-paggawa, 4.4 milyon ay employed, at 2.0 milyon ay underemployed.

*Orihinal na Salin sa Filipino mula sa Philippine Statistics Authority Labor Force Survey*

1. Kung ikokompara ang bahagdan ng unemployment noong Hulyo 2019 ay mas mataas ang naitalang datos noong Hulyo 2020. Anong panlipunang pangyayari ang nagpataas sa unemployment rate sa 2020?

   ______________________________________________________________________

   ______________________________________________________________________

   ______________________________________________________________________

   ______________________________________________________________________

2. Nasa NCR ang malalaking oportunidad sa trabaho—sa katunayan ay lumuluwas mula probinsiya patungong NCR ang ilang mga Pilipino upang makipagsapalaran at humanap ng magandang oportunidad. Ngunit base sa datos, nasa NCR ang may pinakamalaking bahagdan ng unemployment. Ano ang mahihinuha mula rito?

____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

3. Ano ang implikasyon ng pandemya sa trabaho ng mga tao partikular sa larang ng sining at libangan?

____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

4. Ano ang kahalagahan ng edukasyon sa pagkakaroon ng trabaho?

____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________